# Ang Kabutihan ng Pakikinig

The Lord's Flock PRAISE &WORSHIP Topic
By: Fr. Jose Eduardo Mayo
Agosto 24, 2024

Ang pakikinig ay isa lamang ordinaryong gawain sa ara-araw. Ngunit ano talaga ang mabisang pakikinig? May dalawang linya sa Banal na Kasulatan tungkol sa pakikinig:

- *"Ang sumasabat sa usapan na hindi pa nauunawaan ay taong walang isip, walang bait"* (Kaw. 18:13) – kabiguan ito ng pakikinig.
- *"Matuto kayong makinig, dahan-dahan sa pagsasalita at huwag agad magagalit"* (San.1:19). Hindi kasalanan ang magalit. Nagiging kasalanan ito kung hindi tayo nagpapatawad.

Kaya, ang pakikinig ay katangian at paglago ng pag-uugali. Ito ay daan para magkaroon ng makabuluhang presensya na mahalaga sa pakikipag-ugnayan natin sa Diyos at sa Kapwa.

1. **Kahulugan:**

   **1.1 Hebrew -"Shema":** makinig na may pokus, bigyan nang atensyon, bigyan ng pahintulot. Ang makinig ay isang hudyat sa pang-unawa at pagpapahayag; makinig sa isang boses at tanggapin ito bilang bahagi ng pagkakaunawa.

   **1.2 Greek – akowuõ**: makinig, pakinggan, intindihin, sumunod, unawain. **Nakinig vs narinig;** "Narinig mo ba?" vs "Nakinig ka ba?"

**Samakatuwid, ang NARINIG ay balintiyak. Ang NAKINIG ay isang aktibong galaw –** ito ay paggalang, daan ng pagsunod o kilos na may pagmamahal. Ang pagsubok ng pakikinig ay nasa pag-eensayo. ***"****Kung ito'y pinakikinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang iyong sarili…"* (San. 1:22).

Bigo ang mga magulang/guro kung hindi marunong makinig ang mga anak/mag-aaral. Tulad din ng ating Panginoon, bigo rin Siya kung hindi tayo marunong makinig. "*Higit na mapalad ang mga nakikinig sa Salita ng Diyos at tumutupad nito"* (Lk. 11:28).

2. **Pang-unawa vs Pagkakaunawaan.** Ang pakikinig ay nagiging daan ng pag-unlad ng isang relasyon at mas mahusay na pananaw. Ang mahalaga ay ang pang-unawa, hindi pakikinig. Manahimik, at itanong "Talaga bang pinakinggan ko ang ibig sabihin ng mga salita, ang tono ng boses?

   2.1 Ang ibig sabihin ng pakikinig sa Salita ng Diyos ay alamin ang pagkatao ni Hesus. *"Ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig"* (Rom: 10:17).

   2.2 Mahalaga para sa mga Kristyano ang maging mahusay na tagapagsalita, hindi diktador. May obligasyon tayong moral na magsalita at magpaliwanag. *"Kung nagkasala sa iyo ang kapatid mo, puntahan mo siya at kausapin nang sarilinan…"* (Mt 18:15).

   2.3 Maging tapat sa Diyos, at sa kapwa. *"Kung tatawag ka sa akin, tutugunin kita (*Jer. 29:12, 33:3).

3. **Mga tutunin kung paano makinig sa Diyos.**

   3.1 <u>Magkaroon ng oras na may kalidad sa panalangin</u>. Una, magsalita mula sa puso. Pagkatapos, ang mga debosyon ay nagiging ekspresyon ng pagmamahal.

   3.2 Buksan ang sarili sa presensya ng Panginoon.

   3.3 Magsalita. Nakikinig Siya.

   3.4 Makinig nang mabuti. Magkakaroon ng malinaw na pananaw sa gitna ng panalangin.

   3.5 <u>Unawain at siyasatin ang iyong inspirasyon</u>. Kung Diyos ang nagsalita, tayo ay payapa at may galak, at nagkakaroon tayo ng kababaang-loob

   3.6 Sumunod at magpagabay.

**KONKLUSYON**: Ang pakikinig ay hindi aksyon ng pisikal na kagawaran ng sinuman. Aksyon ito ng talino at kalooban. Ito ay pilit na dinadama at ninanasa na maunawaan ang kapwa. Ito ay isang pagpapakumbaba. Sa harap ng Diyos, ito ay pananampalataya. Kailangan walang laman ang puso para may espasyo ang iba; para patungo tayo sa espiritu ng pagmamahal at paglilingkod. Kaya, makinig para malaman ang daan patungo kay Hesus.

**PAGNINILAY**: Ano-ano ang maipapangako mo para tunay na makikinig at susunod ka sa Salita ng Diyos?

**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Pakikinig , # Pagsunod